

Pangalawang STARBOOKS Convention pinasinayaan sa Maynila



Hinikayat ni DOST-STII Director Richard P. Burgos ang mga kalahok sa STARBOOKS Convention na subukang matuto sa mga kapwa guro at namamahala ng aklatan sa mga paraan kung paano mas mapapabuti ng STARBOOKS ang kaalaman ng mga mag-aaral. (Larawan ni Henry A. de Leon, DOST-STII)

Ibinandila ni Director Richard P. Burgos ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ang mga salitang “belly to belly networking”, “partnership”, at “collaboration” sa pagsasama-sama ng mga librarian at guro sa kalakhang Maynila sa

ikalawang STARBOOKS Convention noong 11 Oktubre 2018 sa Bayview Park Hotel, Manila.

“You have all the possibilities to reach out to your neighboring schools. This event aims to open opportunity to partnership,” ayon kay Dir. Burgos. Ibinahagi niya na nakatanggap ng dalawang unit ng solar-powered STARBOOKS ang DOST-STII mula sa Telstra Foundation Philippines. Dagdag pa ng Dir. Bugos, nagsimula lamang ang pagtutulongan na ito sa pagitan ng dalawang institusyon dahil sa isang Facebook post ni Dir. Burgos tungkol sa STARBOOKS.

“If you see a need in your school or community, be bold and courageous to share it on social media. Someone will surely pick it up and might start a conversation with you,” wika ni Dir. Burgos.

Ipinaliwanag din niya ang importansya ng partnership at collaboration sa isang organisasyon. “You could get everything done by yourself. Other people have competencies in other areas where you are weak in. They supply your need. The network becomes your tool,” paliwanag ni Dir. Burgos.

Aniya, dapat iangkop na ang mga ito sa mga proseso ng trabaho dahil ang sektor ng edukasyon ay malawak at ang mga isyung kaakibat nito ay “multi-factorial”. “You need other people who are experts in certain areas. Collaboration is an essential tool for success. We cannot succeed unless we’re collaborative,” ayon kay Dir. Burgos.

Tampok naman sa ginanap na STARBOOKS Convention ang mga oportunidad para sa

sundan sa pahina 3

Mga Nilalaman

DOST-MIMAROPA, nagdaos ng R&D Conference sa rehiyon p2

Mga likas na yaman ng Apayao, nais linangin ng mga programa ng DOST p3

DOST layong maragdagan ang mga science scholar sa Ilocos Sur p4

LarawaNews p4

DOST-MIMAROPA, nagdaos ng R&D Conference sa rehiyon

Ni Enrico P. Belga, *DOST-STII*

Upang maiangat ang antas ng pagtuklas ng makabagong teknolohiya sa buong rehiyon, nagdaos ang Department of Science and Technology-MIMAROPA (DOST-MIMAROPA) ng isang conference noong ika-10 hanggang ika-11 ng Oktubre 2018 sa Seasons Hotel and Convention Center sa San Jose, Occidental Mindoro.

Ang pagpupulong ay may temang "Towards Enhancement of the R&D Ecosystem of MIMAROPA SUCs: A Conference", na alinsunod sa layunin ng ahensiya na paunlarin pa ang kakayahan ng MIMAROPA region sa larangan ng research and development (R&D).

Dinaluhan ang pagpupulong ng mahigit sa walumpung (80) faculty-researcher mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno, pribadong sektor, at anim (6) na state universities and colleges (SUCs) sa buong rehiyon.

Isa sa mga pangunahing tampok ng DOST-MIMAROPA ang nasabing programa para ipagdiwang ang Regional Science and Technology Week (RSTW) na may temang "Changing Lives through Science".

Pinasinayaan ni DOST-MIMAROPA Regional Director Ma. Josefina P. Abilay ang programa kung saan tinalakay niya ang mga hinaharap na hamon ng rehiyon at kakulangan pagdating sa R&D. Binigyang-diin din niya ang kahalagahan nito para sa ikauunlad ng lipunan.

Sinundan ito ng presentasyon ng anim na SUCs tungkol sa kani-kanilang mga R&D profile ayon sa mga priority R&D agenda at 6Ps outputs: People Services, Publications, Places and Partnerships, Products, and Policies. Ipinakita sa presentasyon ang mga inisyatibo ng SUCs pagdating sa larangan ng research, development, and innovation (RDI). Kabilang ang mga impormasyon sa binubuong Regional R&D Database na maglalaman ng mga RDI-related materials na maaari ring ma-access online. Ang nasabing online database ay proyekto ng DOST-MIMAROPA.

Tinalakay din sa nasabing pagpupulong ang mga proyekto ng iba't-ibang mga programa at serbisyo ng mga SUCs, kabilang ang Balik Scientist Program, mga pasilidad gaya ng Food Innovation Center sa Calapan, Oriental Mindoro, Palawan International Technology Business Incubator, at mga polisiya na humihimok



Ibinabahagi ni Dr. Ronquillo ang iba't ibang stratehiya sa pagbibigay ng insentibo upang mahikayat ang mga SUCs sa R&D. (Larawan mula sa DOST-MIMAROPA).

sa mga faculty-researcher na makilahok sa R&D gaya ng National Budget Circular No. 461 at ang Revised Compensation and Position Classification Plan para sa mga faculty position sa SUCs, Higher Education Institutions (HEIs), Teacher Education Institutes (TEIs), Magna Carta for RSEs, at ang Scientific Career System.

Ayon kay Department of Budget and Management-MIMAROPA (DBM-MIMAROPA) Regional Director Maria Angelita C. Cells, malapit nang magbunga ang pagtutulongan ng DBM, Commission on Higher Education (CHED), at ng Philippine Association of State Universities and Colleges' (PASUC) para mapataas ang nakalaang budget na gagamitin sa pagpapaibay ng kalidad ng edukasyon tungo sa ikauunlad ng bansa. Dagdag pa ni Director Cells, umaasa siya na ang pondo para sa implementasyon ng 7th National Budget Circular 461 cycle evaluation ay maibibigay na ng Congressional Initiatives.

Ibinahagi rin ni PASUC President at Batangas State University (BSU) President Dr. Tirso Ronquillo ang kaniyang kaalaman tungkol sa mga pamamaraang makatutulong sa pagresolba ng mga hamon sa larangan ng R&D ayon sa kaniyang karanasan sa BSU. Ayon kay Ronquillo, dapat na pagtuunan ng pansin ng mga SUCs ang pagbibigay ng

solusyon sa mga suliranin sa pamamagitan ng mga research project na may malaking demand mula sa tao. Binigyang-diin din ni Ronquillo na para magtagumpay mga mga researcher, dapat nilang maintindihan ang pangangailangan ng ekonomiya at pakikilahok sa "technopreneurship" o paggamit ng teknolohiya sa pagnenegosyo.

"It would take long time to build significant number of experts, but we need to determine what our current capabilities are and start to bank on those capabilities. Also, it is very essential to know what areas or commodities should be focused on. Since we cannot be expert of everything, we must be very good at something. This will also avoid redundancy of work," wika ni PASUC President Ronquillo.

Paliwanag pa ni Ronquillo na marami-rami pang trabaho ang kailangang gawin ng mga SUCs sa MIMAROPA, at kailangang magsimula sa capacity-building at long-term development ng human resource o lakas-paggawa. Makatutulong din umano ang pagbuo ng mga polisiya at insentibo na makaaakit sa mga siyentipiko, at pagbalangkas ng mga pag-aaral o research na nakaugnay sa larangan ng marketing. (*Impormasyon mula kina Jury C. Tabaranga, Athena Colline L. Verdey, at Ma. Josefina P. Abilay ng DOST-MIMAROPA*).

Editorial Board

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

Pangalawang STARBOOKS... Mula sa pahina 1

partnership at mga best practices ng mga librarian sa paggamit ng STARBOOKS. Ipinakilala nina Dr. Santos T. Castillo ng Association of Science and Mathematics Educators of Philippine Private Schools, Erika Aurora A. Aquino ng Infinit-O Group Foundation, Geenette M. Garcia ng Children's Hour Philippines Foundation, Inc., Maria Rosanna J. Suarez ng Telstra Foundation Philippines ang kani-kanilang organisasyon at kung papaano maaaring makipagtulungan sa kanila.

Samantala, nagbahagi naman ng iba't ibang pamamaraang makatutulong sa pagtuturo ng mga guro sina Maria Elena D. Pinlac ng Philippine Science High School-Main Campus para sa STEM education at innovation network; Maria Elaine P. de Velez ng Frontlearners, Inc. para sa EduBox, isang makabagong teknolohiya na maaaring mapadali ang pagtuturo ng mga guro; Edric C. Calma ng Knowledge Channel Foundation Inc., para sa K Channel Learning Ecosystem; at Dr. Maria Claret L. Tsuchiya mula sa University of the Philippines Los Baños para sa data science at visualization.

Naglahad naman ng best practices ang ilang librarian at guro kung paano mahihikayat ang mga mag-aaral na gumamit ng STARBOOKS.

Kahalagahan ng mga guro sa tagumpay ng STARBOOKS

Nilinaw ni Dir. Burgos na ang STARBOOKS ay isa lamang kagamitan at nakasalalay pa rin sa kanilang kamay ang paggamit nito. "If they use STARBOOKS to teach science and math, STARBOOKS would have fulfilled its vision and mission. But they have to use it. It's up to them to use it," aniya.

Naniniwala ang direktor na ang mga guro at mga librarian na sila ay mas magiging maparaan, innovative, at mas magiging pamilyar sa kasalukuyang sitwasyon ng sector ng edukasyon matapos marinig ang mga best practices ng ibang namamahala ng STARBOOKS.

Iwinika naman ni Dir. Tomas B. Briñas ng DOST-V, na kumatawan kay DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano, na ang STARBOOKS ay nagsisilbing tulay ng mga mag-aaral na walang library o Internet access upang magamit ang mga aklat mula sa DOST, maging ang mga digital content nito.

"Timely and effective knowledge dissemination is one of DOST's main thrusts to promote open and collaborative learning environment, and ensure updated and meaningful learning experience," dagdag niya.



Sa pagbubukas ng Regional Science and Technology Week noong ika-22 ng Oktubre sa Luna, Apayao, ibinahagi ni DOST Sec. de la Peña ang ilan sa mga programa ng ahensya na makakatulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang sektor sa nasabing probinsya. (Larawan ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)

Mga likas na yaman ng Apayao, nais linangin ng mga programa ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Binigyang-diin ni Kalihim Fortunato T. de la Peña ng Department of Science and Technology (DOST) na malaki ang potensyal na umunlad ang probinsya ng Apayao dahil sa ilang materyales at likas na yaman na rito lamang matatagpuan.

Kaya naman, ilan sa mga programa ng DOST ang magbibigay ng suporta sa lokal na pamahalaan upang ang mga likas na yaman na ito ay magamit sa pag-aaral at pagdedebelop ng mga teknolohiya at produkto sa larangan ng medisina, agrikultura, turismo, at pagnenegosyo na makatutulong paunlarin ang pamumuhay ng mga taga-Apayao.

Sa kanyang mensahe noong nagbukas ang Regional Science and Technology Week sa Apayao noong ika-22 ng Oktubre 2018, ibinahagi ni DOST Sec. de la Peña na ang Apayao ay mayroong 286,000 hektarya na virgin forest na maaaring pagkuhanan ng mga sangkap sa pagdevelop ng iba't ibang uri na gamot.

Binanggit din ng Kalihim na ang malawak na hektarya sa pagsasaka at pagtatanim ay nagsisilbing bentahe rin ng probinsya ng Apayao upang makapag-angkat ng mga prutas at gulay sa iba't ibang panig ng bansa.

Isa sa mga programa ng DOST na nakikita ni DOST Sec. de la Peña na makakatulong na linangin ang mga likas na yaman at materyales na ito ay ang Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP na kung saan nagbibigay ng pinansyal at teknikal na suporta ang DOST upang palakasin ang produksyon at operasyon ng mga maliliit na negosyo sa mga probinsya.

Hinakayat din ni Sec. de la Peña ang mga mananaliksik sa iba't ibang kolehiyo sa Apayao na gumawa ng mga pag-aaral na magpapaunlad sa pamumuhay ng mga lokal na residente at pinangako niya na handang suportahan ito ng DOST.

Samantala, nakapokus naman ang lokal na pamahalaan ng Apayao na palakasin ang kanilang turismo sa susunod na sampung taon sa pamamagitan ng pag-develop ng mga produkto na pupukaw sa atensyon ng mga turistang pupunta sa nasabing probinsya.

"Ninana is namin na palakasin ang ilan sa mga industriya rito sa Apayao kabilang na rito ang sektor ng food manufacturing kung saan maraming kababayan namin ang mabibigyan ng mga trabaho at kabuhayan," pagbabahagi ni Apayao Mayor Elias Bulut.

Paliwanag pa ni Mayor Bulut, susi ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa iba't ibang teknolohiya upang makabuo ng mga produkto na papatok sa merkado.

Ayon kay Rebecca Mamba, tumatayong tourism officer ng Apayao, na may mga kweba at talon na maaaring gamitin sa pagpapalakas ng eco-tourism sa nasabing probinsya. Kilala rin ang Apayao sa pagtatanim ng mga saging, pinya, kamote, mais, kape, bigas, at ilang mga gulay na ginagamit upang makabuo ng mga pampasalubong na produkto.

"Kaya napakalaking bagay sa amin ang mga suportang ipinagkakaloob ng DOST, lalo na sa paggagabay at pagbabahagi ng mga teknolohiya na makatutulong sa pangkabuhayan ng mga residente ng Apayao," sabi ni Mayor Bulut.

DOST layong maragdagan ang mga science scholar sa Ilocos Sur

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII



Masusing kumuha ng pagsusulit ang mga mag-aaral sa Ilocos Sur para sa qualifying examination ng 2019 DOST-Science Education Institute (SEI) Undergraduate S&T Scholarship. (Larawan mula sa DOST-I)

Hangarin ng Department of Science and Technology (DOST) na mas mapataas pa ang bilang ng mga science scholar matapos ganapin ang qualifying examination para sa 2019 DOST-Science Education Institute (SEI) Undergraduate Science and Technology (S&T) Scholarship noong ika-21 ng Oktubre 2018 sa University of Northern Philippines (UNP).

Nasa 604 na mag-aaral ang kumuha ng pagsusulit na idinaos sa dalawang magkahiwalay na lugar sa UNP mula 7:00 AM hanggang 6:00 PM. Layon ng nasabing qualifying examination na subukin ang kanilang abilidad sa academic at professional success lalo na sa science, technology, engineering, at mathematics upang matukoy ang mga makakapang science scholar sa Ilocos Sur.

Inaasahan din ni Ramon S. Sumabat, director ng Provincial S&T Center ng Ilocos

Sur, na mas maraming makakapasa ngayon sa kanilang lugar. "The number of examinees this year soared to 604 compared to last year's 369, due to the Department's intensified scholarship campaign strategies like school-to-school visits and having dedicated scholarship booths in S&T caravans in the province," paliwanag ni Sumabat.

Ayon naman kay James David Alcantara, isa sa mga examiner, 16 na mga third year college student mula sa Ilocos Sur ang kumuha ng 2018 Junior Level Science Scholarship examination noong ika-20 ng Oktubre. Ang resulta nito ay ilalabas sa Disyembre 2018, habang ang resulta naman ng 2019 DOST-SEI Undergraduate S&T Scholarship ay ilalabas sa Marso 2019.

Sa ilalim ng parehong scholarship program na ito, makakakuha ang mga makakapang scholar ng Php 7,000

na buwanang allowance – mas mataas kumpara sa dating Php 5,000 – Php 6,000 na allowance. Bukod pa rito ang book at transportation allowance na matatanggap ng mga scholar na mag-aaral na malayo sa kanilang probinsya. Mayroon din silang group insurance, summer o mid-year allowance ayon sa kanilang curriculum, at post-graduation clothing allowance. Kapalit ng mga benepisyong ito, ang mga scholar-graduate ay kinakailangang magbalik-serbisyo sa bansa na katumbas ng bilang ng taon ng kanilang scholarship grant.

Maaaring kumuha ng pagsusulit para sa scholarship program ang mga kwalipikadong grade 12 na mag-aaral para sa susunod na taon. Inaanunso ang pagsisimula ng scholarship application mula Hunyo hanggang Agosto taun-taon. (Impormasyon mula kay *Donnabhel Ann M. Flores, DOST-SEI*)

LarawaNEWS



Pinagtibay ng isang Memorandum of Agreement (MOA) ang pagtutulongan ng National Metrology Laboratory (NML) ng Department of Science and Technology-Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI) at ng Shimadzu Philippines Manufacturing, Inc. (SPMI). Handog ng DOST-ITDI ang pagsasanay o training sa tauhan ng SPMI sa kahalagahan ng metrology at karagdagang kaalaman sa mass metrology, calibration ng mga panimbang, at calibration at verification ng non-automatic weighing instruments. Kapalit naman nito ay ang paghahandog ng SPMI ng dalawang bagong analytical balance sa DOST-ITDI. Lumagda sa isinagawang MOA noong ika-10 ng Oktubre 2018 sina DOST-ITDI OIC-Director at Deputy Director sa research and development Dr. Annabelle V. Briones, Deputy Director ng NML na si Dr. Diana L. Ignacio, NML Chief Aurora Kimura, SPMI President Katsuhide Takimoto, at SPMI Factory General Manager Jonathan Fortunado. (Teksto ni David Matthew C. Gopilan, DOST-STII). (Impormasyon at Larawan mula kay *Reginald Roy U. de la Cruz, DOST-ITDI*)